
Gabay sa Parokya para sa
**Pagbabagong-buhay sa Eukaristiya**

THE 54TH INTERNATIONAL
EUCHARISTIC
CONGRESS 2028
SYDNEY, AUSTRALIA

Paghahanda para sa Walk with Christ 2026 at
sa International Eucharistic Congress 2028

# PAGLALAKAD KASAMA SI KRISTO



# ISANG MENSAHE MULA KAY OBISPO RICHARD UMBERS

Taun-taon, nagtitipon ang mga Katoliko mula sa iba't ibang panig ng Sydney para sa ating taunang Prosesyon ng Eukaristiya, ang Walk with Christ, upang ipahayag at hayagang patotohanan ang ating pananampalataya kay Hesukristo, na tunay na naroroon sa Kabanal-banalang Eukaristiya.

Bilang paghahanda para sa Walk with Christ, naghanda kami ng Parish Companion upang makatulong sa pagpapatuloy ng pagpapanibago sa Eukaristiya na ito na nararanasan ng Simbahan sa Sydney. Hinihikayat ko kayong gamitin ang Companion na ito upang manalangin, magnilay-nilay, at ibahagi sa mga kapwa parokyano ang mga pananaw at inspirasyon na ibinibigay nito.

Habang tayo ay sama-samang naglalakbay patungo sa International Eucharistic Congress sa taong 2028, ang Walk with Christ ay gaganap ng mahalagang papel sa paghahanda ng Sydney para sa makasaysayang pangyayaring ito. Nawa´y patuloy tayong mapanumbago at mapalusog ng Kanyang Katawan at Dugo, at maging mga saksi ng pag-ibig ni Kristo sa mundo.



**Sumasainyo kay Kristo**

**Most Rev Richard Umbers**
**Punong Kalihim**
**International Eucharistic Congress 2028**
**(Eucharist28)**

+ Richard Umbers



# BAKIT DAPAT MAGLAKAD KASAMA SI KRISTO?

Sa buong Ebanghelyo, nasasaksihan natin ang mga taong nagbago ang buhay nang makatagpo nila si Hesus. May mga nakatagpo sa Kanya sa pampang ng lawa, habang ang iba naman ay nakatagpo Siya sa mga maalikabok na daan, sa mga bahay na punong-puno ng tao, o sa mga sandali ng pagdurusa at pangangailangan.
Ngayon, matatagpuan natin ang iisang Hesus sa Eukaristiya.

Itinuturo ng Simbahan na si Kristo ay tunay, totoo, at nasa Kanyang kabuuan na naroroon sa Banal na Sakramento. Ang bawat Misa ay isang pakikipagtagpo sa buhay na Panginoon na nag-aalay ng Kanyang sarili nang lubos para sa buhay ng mundo.

Gayunpaman, marami sa mga Katoliko ang nagnanais ng mas malalim na pagunawa sa Eukaristiya at ng mas personal na kaugnayan kay Hesus na naroroon sa sakramento ng pag-ibig na ito.

Inihanda ang gabay na ito upang tumulong sa pagtugon sa hangaring iyon.

Sa mga susunod na linggo, tutuklasin natin ang misteryo ng Eukaristiya sa pamamagitan ng Banal na Kasulatan, mga turo ng Simbahan, panalangin, personal na pagninilay, at talakayang pangkatan.

Sama-sama nating palalalimin ang ating pag-unawa sa mga pinaniniwalaan ng Simbahan at tutuklasin kung paano hinuhubog ng Eukaristiya ang bawat aspeto ng buhay Kristiyano.

Ang paglalakbay na ito ng paghubog ay umaakay sa atin patungo sa Walk with Christ sa ika-22 ng Nobyembre 2026, kung saan libu-libong mga Katoliko ang magtitipon tipon sa panalangin at pagpapatotoo. Higit pa rito, ang paglalakbay na ito ay bahagi ng ating paghahanda para sa International Eucharistic Congress sa 2028, kung kailan ang Simbahan sa buong mundo ay aanyayahang magnilay muli sa kaloob ng Eukaristiya.

Nawa´y ang unang hakbang na ito sa paglalakbay patungo sa Kongreso ay magpanibago ng iyong pananampalataya, magpatibay ng iyong pag-asa, at magpalalim ng iyong pagmamahal kay Hesukristo.

# PAANO GAMITIN ANG GABAY NA ITO

Ang Gabay na ito ay dinisenyo upang samahan ang ating paglalakbay patungo sa Walk with Christ at, higit pa roon, sa International Eucharistic Congress sa 2028.

Maaaring gamitin ang **anim na modyul** sa paraang pinakaangkop sa inyong parokya,  aaralan, ministeryo, pamilya, o komunidad. Bagaman **inirerekomenda ang pagtitipon linggu-linggo o tuwing ikalawang linggo** upang magkaroon ng panahon para sa panalangin, pagninilay, at talakayan sa pagitan ng mga sesyon, ang mga petsang iminungkahi para sa bawat module ay nagsisilbing gabay lamang at maaaring iangkop sa lokal na kalagayan.

Ang bawat modyul ay dinisenyo para sa isang pagtitipon na tumatagal nang humigit-kumulang **60–90 minuto** at maaaring gamitin nang indibidwal, sa loob ng pamilya, samga grupo sa parokya, mga pangkat-ministri, paaralan, at iba pang komunidad na Katoliko.

Sa pamamagitan ng anim na modyul na ito, inaanyayahan ang mga kalahok na palalimin ang kanilang pag-unawa sa Eukaristiya, pagyamanin ang pakikipagkaibigan kay Hesukristo, at panibaguhin ang kanilang misyon bilang Kanyang mga alagad. Sama-samang tatalakayin sa mga sesyon ang presensya ni Kristo sa Eukaristiya, ang Misa bilang sakripisyo at pag-alaala, ang pakikipagkaisa sa loob ng Simbahan, ang buhay-panalangin at Pagsamba sa Eukaristiya, pati na ang misyon at pagpapatotoo na nagmumula sa pagiging alagad na nakaugat sa Eukaristiya.

Gamitin man ito nang mag-isa o nang sama-sama, nawa´y makatulong ang Gabay na ito upang ihanda ang ating mga puso na lumakad nang mas malapit kay Kristo—na naroroon sa Banal na Sakramento—at upang maging masayang saksi sa Kanya sa ating mga pamayanan.

Maaari ka ring tumingin ng mga karagdagang video, mga patotoo, artikulo, panalangin, at mga mapagkukunan ng impormasyon para sa parokya sa website ng International Eucharistic Congress 2028: **eucharist28.org**





# ANG ATING PAGLALAKBAY TUNGO SA WALK WITH CHRIST

**Modyul I: Ang Presensya ni Kristo sa Eukaristiya**
Alamin ang turo ng Simbahan tungkol sa Tunay na Presensya at palalimin ang iyong pananampalataya kay Kristo na tunay na naroroon sa Banal na Sakramento.

**Modyul II: Ang Misa bilang Sakripisyo at Pag-alaala**

Alamin kung paano ginagawang naririto ng Eukaristiya ang nagliligtas na sakripisyo ni Kristo at pinagbubuklod tayo sa Kanyang Misteryong Paskwal.

**Modyul III: Ang Eukaristiya ay Nagtatayo ng Simbahan**

Pag-isipan kung paano pinag-iisa ng Banal na Komunyon ang mga mananampalataya bilang Katawan ni Kristo at pinalalakas ang buhay at misyon ng Simbahan.

**Modyul IV: Pagsamba at Panalangin sa Harap ngBanal na Sakramento**

Alamin kung paano pinalalalim ng pananatili sa presensya ni Kristo sa Eukaristiya ang panalangin, pagiging disipulo, at pakikipagkaibigan sa Panginoon.

**Modyul V: Ang Eukaristiya at ang Misyon**

Tuklasin kung paano tayo inililunsad ng pagtanggap kay Kristo upang maglingkod sa kapwa at isabuhay ang Ebanghelyo sa araw-araw.

**Modyul VI: Mga Saksi sa Buhay na Kristo**
Maghanda para sa Walk with Christ sa pamamagitan ng pagninilay sa pagpapatotoo sa Eukaristiya, mga hayag na pagpapahayag ng pananampalataya, at sa ating panawagang ipahayag si Kristo sa mundo.

**Huling Linggo ng Paghahanda**
Isang linggo ng panalangin, pakikipagkasundo, pagsamba sa Banal na Eukaristiya, at espirituwal na paghahanda habang inihahanda natin ang ating mga sarili na makibahagi sa Walk with Christ.



# PAGHAHANDA PARA SA WALK WITH CHRIST

Habang papalapit ang Walk with Christ, hinihikayat ang mga parokya na magsagawa ng  ga paghahandang praktikal at espirituwal kasabay ng paggamit sa booklet na ito. Ang maingat na pagpaplano sa mga linggo at buwang mauuna rito ay makatutulong na matiyak na ang mga parokyano ay makalalahok nang lubos at may kumpiyansa sa mahalagang pampublikong pagpapahayag ng pananampalatayang ito.



# LISTAHAN NG PAGHAHANDA

## Mga Praktikal na Kaayusan

- ▢ Pag-isipang anyayahan ang iyong pamilya, mga kaibigan, grupo sa ministeryo, o mga kapwa parokyano na sumama sa iyo.
- ▢ Pag-isipan nang maaga kung paano ka bibiyahe papunta at pabalik mula sa lungsod, kabilang na kung ang pampublikong transportasyon ba ang pinakamadaling opsyon.
- ▢ Kung naghahanda ng banner ang inyong parokya, alamin kung saan at kailan magkikitakita upang makasali kayo sa prusisyon.
- ▢ Siguraduhing hawak mo ang mahahalagang impormasyon tungkol sa mga lugar ng pagtitipon, oras, at mga detalye ng prusesyon upang makalahok ka nang lubos sa araw na iyon.
- ▢ Kung may kakilala kang maaaring mangailangan ng tulong sa transportasyon, direksyon, o simpleng paanyaya, pag-isipan ang pakikipag-ugnayan at pagtulong sa kanila upang akabahagi sa araw na ito.


Kung ang inyong parokya, serbisyong pang-espirituwal, o grupo ay nangangailangan ng tulong sa alinman sa mga paghahanda o logistik na ito, mangyaring makipag-ugnayan sa **bishop.umbersoffice@sydneycatholic.org**

## Espirituwal na Paghahanda

- ▢ Maglaan ng panahon upang makapiling ang Panginoon sa panalangin sa harap ng Banal na Sakramento, lalo na sa mga araw bago ang Walk with Christ.
- ▢ Samantalahin ang pagkakataong magkumpisal at ihanda ang iyong puso upang lumakad kasama ni Kristo.
- ▢ Maglaan ng mas maraming oras para sa personal na panalangin. Hilingin sa Panginoon na ihanda ang iyong puso para sa Walk at ipakita sa iyo kung paano ka Niya inaanyayahang sumunod sa Kanya nang mas malapit.
- ▢ Ibahagi sa iba ang karanasan mo kung paano kumikilos ang Panginoon sa iyong buhay sa gitna ng paglalakbay na ito ng pananampalataya. Maaaring makapagbigay-lakas ng loob sa iba ang iyong patotoo.
- ▢ Isama ang Walk sa iyong mga personal na panalangin; hilingin sa Panginoon na pagpalain ang lahat ng lalahok at ilapit ang maraming tao sa Kanya.

## Pagpapatotoo at Misyon

- ▢ Anyayahan ang mga kapamilya at kaibigan—o maging ang mga taong maaaring lumayo na sa Simbahan o walang kinabibilangang pananampalataya—na sumama sa iyo sa Walk with Christ.
- ▢ Pag-isipang anyayahan ang mga taong kilala mo at/o nakakasama mo sa paglilingkod sa iyong parokya, paaralan, ministeryo, o grupo ng mga kabataan upang sama-samang maranasan ang Walk.
- ▢ Kumuha ng litrato, magbahagi ng kuwento, o makipag-usap sa iba tungkol sa kung ano ang kahulugan sa iyo ng Walk with Christ at kung paano ka inilalapit ng Eukaristiya kay Hesus.
- ▢ Magbahagi ng larawan o kuwento sa iyong mga social media platform upang ibahagi ang karanasan sa iba.
- ▢ Hilingin sa Panginoon na gamitin ang iyong presensya at ang patotoo ng Simbahan upang antigin ang mga puso ng mga nakakakita sa prusisyon, at upang ilapit sila kay Kristo.



# MODYUL I: **ANG PRESENSYA NI KRISTO SA EUKARISTIYA**

Linggo 1

# PANIMULANG PANALANGIN

Sa ngalan ng Ama, at ng Anak, at ng Espiritu Santo. Amen.

Panginoong Hesukristo, Nananatili Ka sa Iyong Simbahan sa Banal na Sakramento. Buksan Mo ang aming mga isipan upang maunawaan ang kaloob ng Eukaristiya at buksan Mo ang aming mga puso upang tanggapin Ka nang may pananampalataya at pag-ibig.

Sa pagsisimula namin ng paglalakbay na ito patungo sa Walk with Christ at sa International Eucharistic Congress 2028, panibaguhin Mo sa amin ang malalim na paggalang sa Iyong presensya.

Nawa´y makilala Ka namin sa paghahati-hati ng tinapay, sambahin Ka nang may pusong nagpapasalamat, at sumunod sa Iyo nang tapat bilang Iyong mga alagad.

Hinihiling namin ito sa pamamagitan ni Kristo na aming Panginoon.

Amen.

# SIPI NG KASULATAN

## Juan 6:51–58

"Ako ang buhay na tinapay na bumaba mula sa langit. Sinumang kumain ng tinapay na ito ay mabubuhay magpakailanman, at ang tinapay na ibibigay ko para sa buhay ng sanlibutan ay ang aking laman."

Nakipag-argumento noon ang mga Judio sa isa't isa, na nagsasabing, "Paano maibibigay sa atin ng taong ito ang kanyang laman upang kainin?"

Kaya sinabi sa kanila ni Jesus, "Totoongtotoo, sinasabi ko sa inyo, maliban na kainin ninyo ang laman ng Anak ng Tao at inumin ang kanyang dugo, wala kayong buhay sa inyong sarili." Ang kumakain ng aking laman at umiinom ng aking dugo ay may buhay na walang hanggan, at sila ay muli kong bubuhayin sa huling araw; sapagkat ang aking laman ay tunay na pagkain, at ang aking dugo ay tunay na inumin. Ang kumakain ng aking laman at umiinom ng aking dugo ay nananatili sa akin, at ako naman ay nananatili sa kanila. Kung paanong isinugo ako ng buhay na Ama at ako ay nabubuhay dahil sa Ama, gayundin naman, ang sinumang kumakain sa akin ay mabubuhay dahil sa akin. Ito ang tinapay na bumaba mula sa langit; hindi ito tulad ng kinain ng mga ninuno na kalaunan ay namatay rin.

Ngunit ang sinumang kumakain ng tinapay na ito ay mabubuhay magpakailanman.

**Maglaan ng ilang sandali sa katahimikan upang pagnilayan ang sipi.**

# SEKSYON NG PAGTUTURO

## Tunay na Naroroon si Kristo

Sa puso ng pananampalatayang Katoliko ay ang paniniwala na si Hesukristo ay tunay na naroroon sa Eukaristiya. Kapag ang pari ay nagsasalita ng mga salita ng pagtatalaga sa panahon ng Misa, ang tinapay at alak ay nagiging Katawan at Dugo ni Kristo.

Ang paniniwalang ito ay hindi lamang simboliko.

Itinuturo ng Simbahan na si Kristo ay naroroon nang "totoo, tunay, at sa Kanyang tunay na kalikasan" sa Eukaristiya. Bagaman nananatili ang anyo ng tinapay at alak, ang pinakadiwa ng mga ito ay nagbabago at nagiging si Kristo Mismo. Ang misteryong ito ay tradisyonal na tinatawag na 'transubstansyasyon'.

Ang mga ugat ng aral na ito ay matatagpuan sa Banal na Kasulatan. Isinasalaysay ng lahat ng apat na Ebanghelyo ang pagpapakain sa limang libo. Ang mga Ebanghelyong Sinoptiko, katuwang si St Paul, ay naghahatid ng mga salita ng pagtatatag, samantalang ang Ebanghelyo ni John ay nagbibigay sa atin ng pahayag tungkol sa Tinapay ng Buhay.

Inilarawan ng Ikalawang Konsilyo ng Vatican ang Eukaristiya bilang sakramento ng pag-ibig, tanda ng pagkakaisa, bigkis ng pagkakawanggawa, at piging na paskal kung saan tinatanggap mismo si Kristo.

Ipinaalala ni Pope Paul VI sa Simbahan na ang presensya ni Kristo sa Eukaristiya ay isang misteryong nauunawaan sa pamamagitan ng pananampalataya. Bagaman nagdudulot ang Eukaristiya ng pagkakaisa sa mga mananampalataya, higit pa ito sa pagiging simbolo lamang ng pagkakaisa. Si Kristo Mismo ang naririyan sa anyo ng tinapay at alak.

Itinuro ni St John Paul II na hinihingi ng pananampalataya na lumapit tayo sa Eukaristiya nang may kamalayang lumalapit tayo kay Kristo mismo. Ang Kanyang presensya ang nagbibigay-ahulugan sa bawat iba pang bahagi ng Misa.

Inilarawan ni Pope Benedict XVI ang Eukaristiya bilang nagdadala sa sangnilikha ng isang malalim na pagbabagong humahantong sa pagpapanibago ng buong mundo.

Kamakailan lamang, pinaalalahanan ni Pope Leo XIV ang Simbahan na si Kristo ay nagiging naroroon sa Eukaristiya upang baguhin tayo at gawin tayong katulad Niya. Samakatuwid, ang Eukaristiya ay hindi lamang isang regalong dapat tanggapin, kundi isang misteryong nagbabago sa atin mula sa kaibuturan.

Sa tuwing tayo ay dumadalo sa Misa, naglalaan ng panahon sa Adorasyon, o tumatanggap ng Banal na Komunyon, nakatatagpo natin ang mismong Hesus na naglakad sa mga lansangan ng Galilea, nagdusa sa Kalbaryo, muling nabuhay, at ngayon ay naghahari sa kaluwalhatian.

# MGA TANONG PARA SA PERSONAL NA PAGNINILAY

**Maglaan ng oras upang tahimik na pagnilayan ang mga sumusunod:**

1. Ano ang kahulugan para sa akin ng tunay na presensya ni Hesus sa Eukaristiya?

2. Kailan ko naramdamang naging malapit ako kay Kristo habang nagmimisa o sa Adorasyon sa Eukaristiya??

3. Mayroon bang mga aspeto ng turo ng Simbahan tungkol sa Tunay na Presensya na nahihirapan akong unawain o paniwalaan?

4. Paano mababago ng mas malalim na pananampalataya sa presensya ni Kristo sa Eukaristiya ang pakikibahagi ko sa Misa?

# MGA TANONG PARA SA PANGGRUPONG TALAKAYAN

**Ibahagi sa iba sa iyong grupo:**

1. Ano ang pinakanakapag-iwan ng marka sa iyo mula sa sipi ng Kasulatan o sa turo?

2. Bakit, sa tingin mo, itinuturing na sentro ng buhay-Katoliko ang paniniwala sa Tunay na Presensya?

3. Paano matutulungan ng ating parokya ang mga nananampalataya at ang mga hindi Katoliko na mas mapalalim ang kanilang kamalayan sa presensya ni Kristo sa Eukaristiya?

4. Anong mga praktikal na hadlang ang pumipigil sa mga Katoliko na makatagpo si Kristo nang mas malalim sa Misa??

# PRAKTIKAL NA PAGKILOS PARA SA MODYUL NA ITO

**Pumili ng isa o higit pa sa mga sumusunod:**

- Dumalo sa karagdagang Misa tuwing araw ng linggo (weekday).
- Maglaan ng hindi bababa sa labinlimang minuto sa tahimik na panalangin sa harap ng Banal na Sakramento.
- Basahin at ipagdasal ang John Chapter 6.
- Bisitahin ang simbahan sa mga karaniwang araw at maglaan ng oras upang tahimik na kilalanin ang presensya ni Kristo sa tabernakulo.
- Ibahagi sa iba ang katotohanan at kaloob ng Tunay na Presensya ni Kristo sa Eukaristiya.

# PANGWAKAS NA PANALANGIN

Panginoong Hesus,
Nagpapasalamat kami sa Iyo para sa regalo ng Eukaristiya.

Palakasin Mo ang aming pananampalataya sa Iyong Tunay na Presensya. Tulungan Mo kaming lumapit sa dambana nang may paggalang, tanggapin Ka nang may pasasalamat, at sambahin Ka nang may agmamahal.

Nawa´y ihanda kami ng paglalakbay na ito upang lumakad na mas malapit sa Iyo, magpatotoo tungkol sa Iyo nang may higit na katapangan, at tanggapin sa Sydney ang Simbahan mula sa iba´t ibang panig ng mundo sa taong 2028.

Maria, Babae ng Eukaristiya,
ipanalangin mo kami. Amen.





# MODYUL II:
# ANG MISA BILANG SAKRIPISYO AT PAG-ALAALA

Linggo 2

# PANIMULANG PANALANGIN

Sa ngalan ng Ama, at ng Anak, at ng Espiritu Santo. Amen.

Panginoong Hesus, sa Huling Hapunan ay ipinagkaloob Mo sa amin ang regalo ng Eukaristiya at ipinagkatiwala sa Iyong Simbahan ang pag-alaala sa Iyong nagliligtas na sakripisyo.

Buksan Mo ang aming mga puso upang mas malalim naming maunawaan ang misteryong ipinagdiriwang namin sa bawat Misa. Tulungan Mo kaming kilalanin ang Iyong pag-ibig na ibinuhos sa Krus, na ginagawang naririto para sa amin sa Eukaristiya.

Nawa´y ang aming pakikibahagi sa Misa ay lalong maglapit sa amin sa Iyo at magbagong-anyo sa amin bilang mga tapat na alagad.

Amen.

# SIPI NG KASULATAN

## Lucas 22:14-20

Nang dumating ang oras, naupo siya sa hapag kasama ang mga disipulo. Sinabi niya sa kanila, "Lubos kong ninanais na kainin ang Paskuwang ito kasama ninyo bago ako magdusa; sapagkat sinasabi ko sa inyo, hindi ko na ito kakainin hangga't hindi ito natutupad sa kaharian ng Diyos."

Pagkatapos ay kumuha siya ng isang tasa, at matapos magpasalamat ay sinabi niya, "Kunin ninyo ito at paghati-hatian; sapagkat sinasabi ko sa inyo na mula ngayon ay hindi na ako iinom ng bunga ng ubas hanggang sa dumating ang kaharian ng Diyos."

Pagkatapos ay kumuha siya ng tinapay, at nang makapagpasalamat na, hinati niya ito at ibinigay sa kanila, na sinasabi, "Ito ang aking katawan na ibinibigay para sa inyo.

Gawin ninyo ito bilang pag-alaala sa akin. "Gayundin ang ginawa niya sa tasa pagkatapos ng hapunan, na sinasabi, "Ang tasang ito na ibinubuhos para sa inyo ay ang bagong tipan sa aking dugo."

**Maglaan ng ilang sandali sa katahimikan upang pagnilayan ang sipi.**

# SEKSYON NG PAGTUTURO

## Ang Regalo ng Sakripisyo ni Kristo

Kapag nagtitipon ang mga Katoliko para sa Misa, higit pa sa pag-alala sa isang pangyayari noong nakaraan ang aming ginagawa. Kami ay nakikibahagi sa misteryo ng nagliligtas na sakripisyo ni Kristo.

Sa Ebanghelyo ni John, inilalarawan ni Hesus ang Kanyang sarili bilang tinapay na nagbibigay-buhay na bumaba mula sa langit at nag-aalay ng Kanyang laman para sa buhay ng mundo. Ang mga salitang ito ay tumutukoy hindi lamang sa Eukaristiya kundi pati na rin sa Kanyang sakripisyo sa Krus. Malayang inialay ni Kristo ang Kanyang buhay upang ang sangkatauhan ay makabahagi sa buhay ng Diyos magpakailanman.

Sa Huling Hapunan, inihanda ni Hesus ang sarili para sa sakripisyong ito nang kunin Niya ang tinapay at alak at ipinahayag: "Ito ang aking katawan, na ibinibigay para sa inyo." Sa mga salitang ito, inihayag ni Hesus na ang Kanyang kamatayan ay hindi magiging isang aksidente sa kasaysayan, kundi isang mapagmahal na pag-aalay ng sarili para sa kaligtasan ng mundo.

Itinuturo ng Simbahan na ang Eukaristiya ay isang pag-aalay sapagkat ginagawa nitong aroroon ang minsanang pag-aalay ni Kristo sa Kalbaryo. Hindi inuulit ang pag-aalay sa Krus. Sa halip, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo, ito ay nagiging naroroon sa paraang sakramental para sa atin sa bawat pagdiriwang ng Misa.

Kaya naman tinutukoy ng Simbahan ang Misa bilang isang pag-alaala. Sa Bibliya, ang pagalaala ay higit pa sa simpleng paggunita sa nakaraan. Ito ay ang pagpaparamdam o pagdadala sa kasalukuyan ng nagliligtas na pagkilos ng Diyos. Kapag ipinagdiriwang natin ang Eukaristiya, ang Misteryong Paskwal ni Kristo —ang Kanyang Paghihirap, Kamatayan, Pagkabuhay, at Pag-akyat sa Langit—ay nagiging naroroon at mabisa sa ating buhay sa kasalukuyan.

Kaya naman, pinag-iisa ng Eukaristiya ang langit at lupa, ang nakaraan, kasalukuyan, at hinaharap. Sa bawat Misa, tayo ay inilalapit sa nagliligtas na gawain ni Kristo at binibigyan ng paunang lasa ng walang-hanggang piging sa langit. Itinuturo tayo ng Eukaristiya patungo sa kaganapan ng Kaharian ng Diyos sa hinaharap, habang pinagtitibay naman tayo sa kasalukuyan.

Nauunawaan ni San Oscar Romero, na nag-alay ng kanyang buhay sa paglilingkod sa Ebanghelyo, na ang Eukaristiya ay kapwa nagbibigay-aliw at humahamon sa atin. Sa pagpapakain sa atin ng Katawan at Dugo ni Kristo, tayo ay tinatawag na ialay ang ating sariling buhay sa paglilingkod, sakripisyo, katarungan, at pag-ibig. Pinalalakas tayo ng Misa hindi lamang upang tanggapin ang kaloob ni Kristo, kundi upang maging kaloob din tayo para sa iba.

Ipinahahayag ng bawat Eukaristiya ang iisang katotohanan: Inialay ni Kristo ang Kanyang sarili para sa atin, at inaanyayahan Niya tayong pagisahin ang ating buhay sa Kanya.

# MGA TANONG PARA SA PERSONAL NA PAGNINILAY

**Maglaan ng oras upang tahimik na pagnilayan ang mga sumusunod:**

1. Ano ang kahulugan para sa akin ng pagiging naroroon ng sakripisyo ni Kristo sa bawat Misa?

2. Paano pinalalalim ng pag-unawa sa Misa bilang isang sakripisyo ang aking pakikibahagi rito?

3. Anong mga bahagi ng aking buhay ang maaaring inaanyayahan ako ni Kristo na maglagay sa dambana kasama Niya?

.......................................................................................

.......................................................................................

.......................................................................................

.......................................................................................

.......................................................................................

.......................................................................................

.......................................................................................

4. Paano ako pinalalakas ng Eukaristiya upang mamuhay nang may pag-aalay ng sarili para sa kapwa?

.......................................................................................

.......................................................................................

.......................................................................................

.......................................................................................

.......................................................................................

.......................................................................................

.......................................................................................

# MGA TANONG PARA SA PANGGRUPONG TALAKAYAN

**Ibahagi sa iba sa iyong grupo:**

1. Ano ang pinakanakapag-iwan ng marka sa iyo mula sa sipi ng Kasulatan o sa turo?

2. Bakit mahalagang maunawaan na ang Misa ay higit pa sa isang pag-alaala?

3. Paano pinag-uugnay ng Eukaristiya ang Huling Hapunan, ang Kalbaryo, at ang ating buhay sa kasalukuyan?

.......................................................................................

.......................................................................................

.......................................................................................

.......................................................................................

.......................................................................................

.......................................................................................

.......................................................................................

4. Sa paanong mga paraan makatutulong ang pakikibahagi sa Misa upang lumago tayo sa pagiging mapagbigay at sa pag-ibig na nag-aalay ng sarili?

.......................................................................................

.......................................................................................

.......................................................................................

.......................................................................................

.......................................................................................

.......................................................................................

.......................................................................................

# PRAKTIKAL NA PAGKILOS PARA SA MODYUL NA ITO

**Pumili ng isa o higit pa sa mga sumusunod:**

- Dumalo sa Misa sa karaniwang araw at pagnilayan ang mga panalangin sa pagaalay.
- Maglaan ng panahon upang basahin ang salaysay ng Pagpapakasakit ni Kristo sa isa sa mga Ebanghelyo.
- Mag-alay ng personal na sakripisyo para sa isang partikular na intensyon
- Magdasal ng mga Istasyon ng Krus.
- Sa susunod mong pagdalo sa Misa, buong-kamalayang iugnay ang iyong personal na pasanin, hamon, o pag-asa sa sakripisyo ni Kristo.
- Pag-isipan kung sino ang nais ng Diyos na iyong paglingkuran sa pamamagitan ng pagsasakripisyo ng iyong sariling kaginhawaan, oras, o mga kagustuhan sa linggong ito.

# PANGWAKAS NA PANALANGIN


Panginoong Hesus,

Ibinigay Mo ang Iyong Katawan para sa amin at ibinuhos ang Iyong Dugo para sa kaligtasan ng sanlibutan.

Turuan Mo kaming mas malalim na pumasok sa misteryo ng Misa. Nawa´y hindi namin bale-walain ang kaloob ng Iyong sakripisyo at pag-ibig.

Palakasin Mo kami sa pamamagitan ng Eukaristiya upang maging mga taong mapagbigay, mahabagin, at mapaglingkod.

Nawa´y makiisa ang aming mga buhay sa Iyo, ngayon at magpakailanman.
Amen.





# MODYUL III:
# ANG EUKARISTIYA AY NAGTATAYO NG SIMBAHAN

Linggo 3

# PANIMULANG PANALANGIN

ISa ngalan ng Ama, at ng Anak, at ng Espiritu Santo. Amen.

Panginoong Hesus, Tinatawag Mo kami sa pakikipag-isa sa Iyo at sa lahat ng kabilang sa Iyong Katawan, ang Simbahan.

Sa pamamagitan ng kaloob na Eukaristiya, tipunin Mo kami nang mas malapit sa Iyo at patatagin ang mga ugnayan ng pananampalataya, pag-asa, at pagmamalasakit sa isa´t sa.

Turuan Mo kaming mamuhay bilang isang pamilya, nagkakaisa sa Iyong pag-ibig at nakatuon sa Iyong misyon.

Turuan Mo kaming mamuhay bilang isang pamilya, nagkakaisa sa Iyong pag-ibig at nakatuon sa Iyong misyon.

Amen.

# SIPI NG KASULATAN

## 1 Corinto 10:16–17

"Ang tasa ng pagpapala na ating pinagpapala, hindi ba't pakikibahagi ito sa dugo ni Kristo? Ang tinapay na ating hinahati, hindi ba't pakikibahagi ito sa katawan ni Kristo? Dahil iisa ng tinapay, tayong marami ay iisang katawan, sapagkat tayong lahat ay nakikibahagi sa iisang tinapay."

**Maglaan ng ilang sandali sa katahimikan upang pagnilayan ang sipi.**

# SEKSYON NG PAGTUTURO

## Isang Tinapay, Isang Katawan

Ang Eukaristiya ay isang personal na pakikipagtagpo kay Hesukristo, ngunit hindi ito kailanman isang pribadong karanasan. Sa tuwing tayo ay nagtitipon para sa Misa at tumatanggap ng Banal na Komunyon, inilalapit tayo ni Kristo sa pakikipagkaisa hindi lamang sa Kanya kundi pati na rin sa isa't isa.

Ipinapaalala sa atin ni St Paul na dahil tayo ay nakikibahagi sa iisang Tinapay, tayo ay nagiging iisang Katawan. Itinatatag ng Eukaristiya ang Simbahan sa pamamagitan ng pagtitipon ng mga mananampalataya sa isang pagsasamasama ng pananampalataya, pag-asa, at pag-ibig.

Isa sa mga pinakaunang saksi sa katotohanang ito ay si St Ignatius of Antioch, isang bispong nabuhay noong simula ng ikalawang siglo. Matapos dakpin dahil sa kanyang pananampalataya at dalhin sa Roma upang mag-martir, ginugol ni Ignatius ang kanyang huling paglalakbay sa pagsulat ng mga liham para sa mga pamayanang Kristiyano, na humihikayat sa kanila na manatiling tapat kay Kristo at nagkakaisa sa isa't isa.

Natutuhan ni Ignatius ang pananampalataya mula sa mga taong nakakilala sa mga Apostol. Ayon sa tradisyon, siya ay naging alagad ni St John—ang minamahal na alagad na naroon sa Huling Hapunan at sa paanan ng krus. Kaya naman, tumanggap si Ignatius ng buhay na pananampalataya kay Kristo at ng malalim na paggalang sa Eukaristiya.

Habang naghahanda siyang ialay ang kanyang buhay para kay Kristo, malalim na nagnilay si Ignatius tungkol sa kahulugan ng Eukaristiya. Nakita niya na ibinigay ni Hesus ang lahat para sa buhay ng mundo, at naniwala siyang ang bawat Kristiyano ay tinatawag na tumugon nang may katulad na diwa ng pag-ibig na nag-aalay ng sarili.

Para kay Ignatius, ang Eukaristiya ay hindi lamang isang bagay na tinatanggap; ito ay isang paraan ng pamumuhay. Ibinibigay ni Kristo ang Kanyang sarili nang lubos para sa atin sa Eukaristiya, at sa paggawa nito ay tinitipon Niya tayo bilang Kanyang Katawan, ang Simbahan. Ang pagtanggap sa Banal na Komunyon ay nangangahulugan ng pagpapahintulot na hubugin ang ating buhay ng pag-ibig ni Kristo na nag-aalay ng Kanyang sarili.

Itinuturo sa atin ng Eukaristiya na tayo ay kabilang sa isa't isa. Hinahamon tayo nito na humigit pa sa indibidwalismo at kilalanin na ang ating pananampalataya ay nasa loob ng isang pamayanan. Sumasamba tayo nang sama-sama, nananalangin nang sama-sama, nagdurusa nang sama-sama, at nagagalak nang samasama dahil tayo ay nagkakaisa kay Kristo.

Ang pagkakaisang ito ay higit pa sa saklaw ng ating lokal na parokya. Sa bawat pagdiriwang ng Eukaristiya, tayo ay nagkakaisa sa mga Katoliko sa buong mundo at sa iba't ibang henerasyon. Ang mga santo na nauna sa atin, ang mga mananampalatayang sumasamba sa kasalukuyan, at ang mga susunod pa sa atin ay pawang nagkakaisa sa iisang Katawan ni Kristo.

Ipinaaalala sa atin ni St Ignatius na ang pagiging Kristiyano ay nangangahulugan ng pagiging maka-Eukaristiya. Ang pagtanggap kay Kristo sa Banal na Komunyon ay pagpapahintulot sa Kanya na baguhin ang ating mga puso, palalimin ang ating pakikipag ugnayan sa kapwa, at patatagin ang ating paninindigang maglingkod sa Simbahan at sa mundo.

Habang naghahanda tayo para sa Walk with Christ at sa International Eucharistic Congress 2028, inaanyayahan tayong tanungin ang ating sarili: Paano hinuhubog ng Eukaristiya ang ating pamayanang parokya? Paano nito tayo tinutulungang maging iisang Katawan kay Kristo?

# MGA TANONG PARA SA PERSONAL NA PAGNINILAY

**Maglaan ng oras upang tahimik na pagnilayan ang mga sumusunod:**

1. Ano ang ibig sabihin para sa akin ng pagiging bahagi ng Katawan ni Kristo?

2. Paano napalakas ng pakikibahagi sa Eukaristiya ang aking ugnayan sa Simbahan?

3. Mayroon bang mga ugnayan sa aking pamilya, parokya, lugar ng trabaho, o komunidad na nangangailangan ng paghilom o pakikipagkasundo?

.............................................................................................

.............................................................................................

.............................................................................................

.............................................................................................

.............................................................................................

.............................................................................................

.............................................................................................

4. Paano ako tinatawag ni Kristo upang mamuhay nang mas ganap sa pakikipagugnayan sa kapwa?

.............................................................................................

.............................................................................................

.............................................................................................

.............................................................................................

.............................................................................................

.............................................................................................

.............................................................................................

# MGA TANONG PARA SA PANGGRUPONG TALAKAYAN

**Ibahagi sa iba sa iyong grupo:**

1. Anong aspeto ng patotoo ni St Ignatius ang nagbibigay-inspirasyon o humahamon sa iyo?

.............................................................................

.............................................................................

.............................................................................

.............................................................................

.............................................................................

.............................................................................

.............................................................................

2. Sa iyong palagay, bakit mahalaga ang Eukaristiya sa pagkakaisa ng Simbahan?

.............................................................................

.............................................................................

.............................................................................

.............................................................................

.............................................................................

.............................................................................

.............................................................................

3. Ano-ano ang mga palatandaan ng isang tunay na pamayanang parokyang nakatuon sa Eukaristiya?

.......................................................................................

.......................................................................................

.......................................................................................

.......................................................................................

.......................................................................................

.......................................................................................

.......................................................................................

4. Paano mas mapalalakas ng ating parokya ang diwa ng pagtanggap, pagiging kabilang, at pagkakaisa?

.......................................................................................

.......................................................................................

.......................................................................................

.......................................................................................

.......................................................................................

.......................................................................................

.......................................................................................

## PRAKTIKAL NA PAGKILOS PARA SA MODYUL NA ITO

**Pumili ng isa o higit pa sa mga sumusunod:**

- Ipakilala ang iyong sarili sa isang taong hindi mo kilala habang nasa Misa.
- Ipanalangin ang pagkakaisa sa loob ng inyong parokya at ng Simbahang unibersal.
- Lumapit sa taong maaaring nakararamdam ng pag-iisa o pagkakahiwalay sa komunidad.
- Pag-isipan kung mayroong ugnayang nangangailangan ng pakikipagkasundo at gumawa ng hakbang tungo sa paghilom, kabilang na ang pagtanggap sa Sakramento ng Pakikipagkasundo.
- Mag-alay ng panalangin araw-araw para sa mga Kristiyano sa buong mundo na dumaranas ng pag-uusig dahil sa kanilang pananampalataya.

## PANGWAKAS NA PANALANGIN

Panginoong Hesus, Tinipon Mo kami sa iisang Katawan sa pamamagitan ng kaloob ng Eukaristiya.


Tulungan Mo kaming kilalanin ang isa't isa bilang mga kapatid kay Kristo. Turuan Mo kaming mamuhay nang may pag-ibig, pagpapakumbaba, at pagkakaisa.

Nawa'y patatagin ng ating pakikibahagi sa Banal na Komunyon ang ating paninindigan na itaguyod ang Iyong Simbahan at maglingkod sa isa't isa nang may pusong mapagbigay.

Habang ipinagpapatuloy namin ang aming paglalakbay patungo sa Walk with Christ, gawin kaming isang bayang nagkakaisa sa pananampalataya, pagasa, at pag-ibig.

St Ignatius of Antioch, ipanalangin mo kami.

Amen.





# MODYUL IV:
# PAGSAMBA AT PANALANGIN SA HARAP NG BANAL NA SAKRAMENTO

Linggo 4

# PANIMULANG PANALANGIN

Sa ngalan ng Ama, at ng Anak, at ng Espiritu Santo. Amen

Panginoong Hesus, Naririyan Ka sa Banal na Sakramento, Naghihintay Ka sa amin nang may pagtitiyaga at pagmamahal.

Sa katahimikan ng Iyong presensya, turuan Mo kaming makinig sa Iyong tinig, mamahinga sa Iyong pag-ibig, at buksan ang aming mga puso sa Iyong biyaya.

Nawa´y palalimin ng panahong ito ng pagninilay ang aming pakikipagkaibigan sa Iyo, at gisingin sa amin ang mas malalim na pagnanais na manatiling malapit sa Iyo kailanman.

Amen.

# SIPI NG KASULATAN

## Lucas 10:38–42

Habang sila ay nagpapatuloy sa kanilang paglalakbay, pumasok siya sa isang nayon kung saan tinanggap siya sa kanilang tahanan ng isang babaeng nagngangalang Marta.  Mayroon siyang kapatid na babae na nagngangalang Maria, na naupo sa paanan ng Panginoon at nakinig sa kanyang mga sinasabi. Ngunit abala si Marta sa napakarami niyang gawain; kaya lumapit siya kay Hesus at nagtanong, "Panginoon, wala ka bang pakialam na hinayaan ako ng kapatid ko na gumawa ng lahat ng trabaho nang mag-isa? Sabihan mo naman siyang tulungan ako." Ngunit sumagot ang Panginoon sa kanya, "Marta, Marta, nababalisa ka at abala sa maraming bagay; iisang bagay lamang ang kailangan. Pinili ni Maria ang mas mabuting bahagi, na hindi kailanman kukunin sa kanya."

# SEKSYON NG PAGTUTURO

## Pananatili sa Panginoon

Sa kabuuan ng mga Ebanghelyo, nakikita natin ang mga taong naaakit na lumapit sa presensya ni Hesus. Ang ilan ay nakinig sa Kanyang pagtuturo mula sa isang burol. Ang iba naman ay sumunod sa Kanya sa mga maalikabok na daan. May mga tahimik na naupo sa Kanyang paanan. Nagbago ang kanilang mga buhay dahil lamang sa pakikipagkapiling sa Kanya.

Ngayon ay inaanyayahan tayo sa parehong pagtatagpo sa pamamagitan ng Eukaristikong Adorasyon. Ang pagsamba ay nagpapahaba sa pagsambang iniaalok sa Misa at nagbabalik sa atin sa mas ganap na pakikilahok sa Eukaristikong Sakripisyo.

Itinuturo ng Simbahan na tunay na naroroon si Kristo sa Banal na Sakramento. Dahil tunay Siyang naroroon, maaari tayong lumapit sa Kanya sa panalangin, sumamba sa Kanya, makipag-usap sa Kanya mula sa ating puso, at mamahinga nang tahimik sa Kanyang presensya.

Ang Eukaristiya ay higit pa sa pag-alaala sa mga pangyayari noong nakaraan. Sa amamagitan ng misteryo ng Misa, ang nagliligtas na gawain ni Kristo ay nagiging naririyan para sa atin. Pinaguugnay ng Eukaristiya ang langit at lupa, ang nakaraan at kasalukuyan, at ang panahon at kawalang-hanggan. Ang bawat pagdiriwang ng Misa ay nagdadala sa atin sa misteryo ng Paghihirap, Kamatayan, at Pagkabuhay ni Kristo, at nagbibigay sa atin ng paunang lasa ng piging sa langit.

Ang misteryong ito ay nagpapatuloy pa matapos ang Misa sa Pagsamba sa Banal na Eukaristiya. Sa ating pagluhod sa harap ng Banal na Sakramento, tayo ay nasa presensya ng Panginoong muling nabuhay. Iniuugnay natin ang ating panalangin sa panalangin ng Simbahang pandaigdig at nakikiisa sa lahat ng sumasamba kay Kristo sa buong mundo.

Ipinaaalala rin sa atin ng Eukaristiya na hindi tayo nag-iisa sa ating pananampalataya. Sa pamamagitan ni Kristo, tayo ay kaisa ng mga santo sa langit, ng mga tapat na nananampalataya sa lupa, at ng lahat ng mga nauna sa atin na namayapang taglay ang tanda ng pananampalataya. Sa Adorasyon, tayo ay inaakay patungo sa dakilang pagkakaisa ng pag-ibig na lampas sa hangganan ng panahon at espasyo.

Maraming tao ang lumalapit sa Banal na Sakramento upang humingi ng mga kasagutan. Ang iba naman ay may dalang mga pasanin, alalahanin, o dalamhati. Mayroon ding mga simpleng nagnanais lamang na maglaan ng panahon kasama ang Panginoon. Anuman ang dahilan ng ating paglapit sa Adorasyon, tinatanggap tayo ni Kristo.

Hindi nangangailangan ng maraming salita ang panalangin sa harap ng Banal na Sakramento. Minsan, ang pinakamabungang panalangin ay ang simpleng pananatili kasama si Hesus. Kung paanong lumalalim ang pagkakaibigan sa pamamagitan ng paglalaan ng oras sa isa´t isa, gayundin naman na lumalalim ang ating pagkakaibigan kay Kristo kapag nananatili tayo sa Kanyang presensya.

Itinuturo sa atin ng Pagsamba sa Banal na Eukaristiya ang pakikinig. Sa gitna ng abalang mundo na puno ng ingay at mga pampagulo, inaanyayahan tayo ni Kristo na tumahimik. Ipinapaalala Niya sa atin na ang ating halaga ay hindi nagmumula sa ating mga ginagawa, kundi sa kung sino tayo: mga minamahal na anak ng Diyos.

Lubos itong naunawaan ng mga santo. Sa paglipas ng mga siglo, hindi mabilang na mga lalaki at babae ang nakatuklas na ang panahong inilalaan sa harap ng Banal na Sakramento ay nagpapatibay ng pananampalataya, nagpapanibago ng pag-asa, at nagpapalalim ng pag-ibig sa kapwa. Hindi tayo inilalayo ng pagsamba sa mundo. Sa halip, inihahanda tayo nito upang bumalik sa mundo nang may mga pusong binago ni Kristo.

Habang naghahanda tayo para sa Walk with Christ sa 2026 at sa International Eucharistic Congress sa 2028, inaanyayahan tayong muling tuklasin ang kagandahan ng simpleng pakikipagkapiling kay Hesus, na tunay na naroroon sa Eukaristiya.

# MGA TANONG PARA SA PERSONAL NA PAGNINILAY

**Maglaan ng oras upang tahimik na pagnilayan ang mga sumusunod:**

1. Ano ang papel ng tahimik na panalangin sa aking kaugnayan kay Kristo?

2. Kailan ko pinakamalalim na naranasan ang presensya ng Diyos sa panalangin?

3. Anong mga panggulo o hadlang ang nagpapahirap sa akin na maglaan ng panahon para sa Panginoon?

4. Paano mapalalakas ng regular na Pagsamba sa Eukaristiya ang pananampalataya at pagiging alagad ko?

# MGA TANONG PARA SA PANGGRUPONG TALAKAYAN

**Ibahagi sa iba sa iyong grupo:**

1. Ano ang pinakanakapag-iwan ng marka sa iyo mula sa sipi ng Kasulatan o sa turo?

2. Ano ang naging karanasan mo sa Pagsamba sa Banal na Eukaristiya?

3. Bakit mahalaga ang katahimikan sa buhay-espirituwal?

..........................................................................

..........................................................................

..........................................................................

..........................................................................

..........................................................................

..........................................................................

..........................................................................

4. Paano mahihikayat ng ating parokya ang mas malalim na kultura ng pananalangin sa harap ng Banal na Sakramento?

..........................................................................

..........................................................................

..........................................................................

..........................................................................

..........................................................................

..........................................................................

..........................................................................

## PRAKTIKAL NA PAGKILOS PARA SA MODYUL NA ITO

**Pumili ng isa o higit pa sa mga sumusunod:**

- Maglaan ng hindi bababa sa tatlumpung minuto para sa Pagsamba sa Banal na Sakramento.
- Bisitahin ang simbahan sa mga karaniwang araw at maglaan ng oras sa pagdarasal sa harap ng tabernakulo. Simulan ang bawat araw sa limang minutong tahimik na pagdarasal.
- Basahin at ipagdasal ang Lucas 10:38–42, habang inilalarawan sa iyong isipan ang iyong sarili na nakaupo sa paanan ni Jesus.
- Magtala ng mga natutunang aral, panalangin, o inspirasyong natanggap sa mga sandali ng pananahimik kasama ang Panginoon.
- Mag-imbita ng isang tao na sumama sa iyo sa Adorasyon

## PANGWAKAS NA PANALANGIN

Panginoong Hesus, na naririyan sa Banal na Sakramento, nagpapasalamat kami sa Iyo para sa biyaya ng Iyong presensya.

Turuan Mo kaming hanapin Ka sa katahimikan, magtiwala sa Iyo sa mga panahon ng kawalang-katiyakan, at manatiling malapit sa Iyo sa bawat araw.


Nawa´y maging masigasig ang aming mga puso sa Iyong tinig at mabago ang aming mga buhay ng Iyong pag-ibig

Habang ipinagpapatuloy namin ang aming paglalakbay tungo sa Walk with Christ, akayin Mo kami nang mas malalim sa pakikipag-isa sa Iyo.

Maria, Babae ng Eukaristiya, ipanalangin mo kami.

Amen.





# MODYUL V:
# A NG EUKARISTIYA AT ANG MISYON

Linggo 5

# PANIMULANG PANALANGIN

Sa ngalan ng Ama, at ng Anak, at ng Espiritu Santo. Amen

Panginoong Hesus, Pinagtitibay Mo kami sa pamamagitan ng Iyong Katawan at Dugo at isinusugo Mo kami upang ipahayag ang Iyong pag-ibig.

Buksan Mo ang aming mga puso upang kilalanin Ka kapwa sa Eukaristiya at sa mga taong aming nakakasalamuha araw-araw

Tulungan Mo kaming maging tapat na mga disipulong misyonero, na handang maglingkod sa kapwa nang may pagkabukas-palad, habag, at katapangan.

Nawa´y magbunga sa ating mga tahanan, lugar ng trabaho, mga parokya, at mga pamayanan ang biyayang ating tinatanggap sa Iyong dambana.

Amen.

# SIPI NG KASULATAN

## Mateo 25:35–40

"Sapagkat ako'y nagutom at ako'y inyong pinakain, nauhaw at ako'y inyong pinainom, naging dayuhan at ako'y inyong tinanggap, walang damit at ako'y inyong binihisan, nagkasakit at ako'y inyong inalagaan, at nabilanggo at ako'y inyong dinalaw. Pagkatapos ay sasagutin siya ng mga matuwid, ´Panginoon, kailan ka namin nakitang nagugutom at binigyan ka ng pagkain, o nauuhaw at binigyan ka ng maiinom? At kailan ka namin nakitang dayuhan at tinanggap, o kaya'y hubad at binigyan ng damit? At kailan ka namin nakitang may sakit o nasa bilangguan at dinalaw?´ At sasagutin sila ng hari, ´Katotohanang sinasabi ko sa inyo, kung ano ang ginawa ninyo sa isa sa mga pinakamaliit sa mga kapatid kong ito, ay ginawa ninyo sa akin".

**Maglaan ng ilang sandali sa katahimikan upang pagnilayan ang sipi.**

# SEKSYON NG PAGTUTURO

## Isinugo ni Kristo

Nagtatapos ang bawat Misa sa isang misyon.

Matapos marinig ang Salita ng Diyos at tanggapin si Kristo sa Eukaristiya, tayo ay isinusugo upang isabuhay ang ating ipinagdiwang. Ang pagtatapos ng Misa ay hindi lamang ang pagwawakas ng liturhiya; ito ay isang pagpapadala. Pinagtitibay tayo ni Kristo upang tayo ay maging presensya Niya sa mundo.

Ang Eukaristiya ang bukal at rurok ng buhay-Kristiyano, ngunit hindi ito kailanman nilayong manatili sa loob ng mga pader ng simbahan. Ang Kristong aming nakakatagpo sa dambana ay nagdadala sa amin upang matagpuan Siya sa ating kapwa—lalo na sa mga dukha, agdurusa, nag-iisa, nakalimutan, o nangangailangan.

Isa sa mga pinakamalinaw na halimbawa ng ganitong espirituwalidad na Eukaristiko sa Australia ay si St. Mary of the Cross MacKillop.

Si Mary MacKillop ay may malalim na debosyon sa Eukaristiya. Naaalala ng mga nakakilala a kanya ang mahahabang oras na inilalaan niya sa pananalangin sa harap ng Banal na Sakramento. Sa piling ni Kristo niya natagpuan ang lakas, patnubay, at lakas ng loob upang magpatuloy sa kabila ng mga pagsubok at pagsalungat.

Gayunpaman, ang panalangin ni Maria ay hindi kailanman nahiwalay sa mga pangangailangan ng mundo. Nauunawaan niya na ang Kristong sinasamba niya sa Eukaristiya ay siya ring Kristong naroroon sa mga dukha, mahihina, at mga nakalimutan. Ang Panginoong tumawag sa kanya sa panalangin ay siya ring tumawag sa kanya sa paglilingkod.

Ang paniniwalang ito ang humubog sa kanyang buhay at misyon. Ang kanyang kilalang payo: "Huwag na huwag kang titingin sa isang pangangailangan nang hindi gumagawa ng aksyon ukol dito."

Si Maria ay nakaugat sa kanyang malalim na pananampalatayang Eukaristiya. Naniniwala siya na ang pagmamahal kay Kristo ay dapat laging humahantong sa pagmamahal sa kapwa at ipinaalala sa kanyang mga Madre: "Huwag kalimutan kung sino ang inyong sinusundan".

Magkaugnay ang dalawang prinsipyong ito. Naglilingkod tayo sa kapwa dahil sinusunod natin si Hesus. Sinusunod natin si Hesus sa pamamagitan ng pagkatutong kilalanin Siya sa

ating kapwa.

Kaya naman, binabago ng Eukaristiya ang ating pananaw sa mundo. Sa pagtanggap natin sa Katawan at Dugo ni Kristo, tayo ay naaakit sa Kanyang pag-ibig na nag-aalay ng sarili.

Nagsisimula nating tingnan ang kapwa, hindi bilang mga estranghero o mga problemang

dapat solusyunan, kundi bilang mga kapatid na minamahal ng Diyos.

Habang mas malalim nating pinapasok ang misteryo ng Eukaristiya, lalo tayong hinahamon na maging mga taong nagtataglay ng awa, katarungan, pagkahabag, at diwa ng paglilingkod. Ibinibigay ni Kristo ang Kanyang sarili nang lubos para sa atin at hinihiling Niyang gawin nating handog ang ating buhay para sa kapwa.

Habang naghahanda tayo para sa Walk with Christ at sa International Eucharistic Congress 2028, inaanyayahan tayong tanungin ang ating sarili: Paano hinuhubog ng Eukaristiya ang

aking pamumuhay? Paano ako isinusugo ni Kristo para sa misyon? Sino ang nais Niyang paglingkuran ko?

Ang Eukaristiya ay hindi ang katapusan ng paglalakbay ng isang Kristiyano. Ito ay ang simula ng isang buhay na binago ni Kristo at inialay para sa buhay ng mundo.

# MGA TANONG PARA SA PERSONAL NA PAGNINILAY

**Maglaan ng oras upang tahimik na pagnilayan ang mga sumusunod:**

1. Paano nakaapekto ang aking pakikibahagi sa Eukaristiya sa paraan ng aking pakikitungo sa iba?

.......................................................................

.......................................................................

.......................................................................

.......................................................................

.......................................................................

.......................................................................

.......................................................................

2. Saan ko matatagpuan si Kristo sa mga taong nasa paligid ko?

.......................................................................

.......................................................................

.......................................................................

.......................................................................

.......................................................................

.......................................................................

.......................................................................

3. Anong mga pangangailangan ang nakikita ko sa aking pamilya, parokya, lugar ng trabaho, o komunidad?

.......................................................................

.......................................................................

.......................................................................

.......................................................................

.......................................................................

.......................................................................

.......................................................................

4. Paano kaya ako inaanyayahan ni Kristo na maglingkod nang mas bukas-palad?

.......................................................................

.......................................................................

.......................................................................

.......................................................................

.......................................................................

.......................................................................

.......................................................................

# MGA TANONG PARA SA PANGGRUPONG TALAKAYAN

**Ibahagi sa iba sa iyong grupo:**

1. Ano ang namumukod-tangi para sa iyo sa patotoo ni Santa Mary MacKillop?

2. Bakit mahalagang iugnay ang pagsamba sa Eukaristiya sa paglilingkod sa kapwa?

3. Paano magiging mas kitang-kita ang pagiging misyonero at ang pagtuon sa labas ng ating parokya, serbisyong pang-espirituwal, o komunidad?

4. Anu-anong praktikal na paraan ang maaari nating gawin upang ipakita ang pag-ibig ni Kristo sa ating lokal na komunidad?

# PRAKTIKAL NA PAGKILOS PARA SA MODYUL NA ITO

**Pumili ng isa o higit pa sa mga sumusunod:**

- Gumawa ng isang sinadyang kilos ng kabutihan o paglilingkod para sa isang taong nangangailangan.
- Bisitahin o kontakin ang sinumang maaaring nakararamdam ng pag-iisa, may sakit, o nakahiwalay sa iba.
- Magboluntaryo sa isang ministeryo ng parokya, organisasyong pangkawanggawa, o inisyatibong outreach.
- Ipanalangin araw-araw ang isang taong dumaranas ng paghihirap.
- Pagnilayan ang mga salita ni St. Mary MacKillop: "Huwag na huwag kang titingin sa isang pangangailangan nang hindi gumagawa ng paraan upang matugunan ito," at tumugon sa isang pangangailangang iyong makikita sa darating na linggo o sa loob ng dalawang linggo.

# PANGWAKAS NA PANALANGIN

Panginoong Hesus, Ibinigay Mo ang Iyong sarili nang lubos para sa buhay ng mundo.

Punuin Mo kami ng biyaya ng Eukaristiya upang kami ay maging mga kasangkapan ng Iyong pag-ibig.

Tulungan Mo kaming kilalanin Ka sa mga dukha, nagdurusa, nag-iisa, at nangangailangan.

Pagkalooban Mo kami ng pusong mapagbigay, handang maglingkod nang hindi iniisip ang anumang kapalit, at ng pananampalatayang may katapangan, handang magpatotoo sa Iyong Mabuting Balita saanman kami ipadala.

Nawa'y hindi namin malimutan kung sino ang aming sinusunod.

St Mary of the Cross MacKillop, ipanalangin mo kami.





# MODYUL VI:
# MGA SAKSI SA BUHAY NA KRISTO

Linggo 6

# PANIMULANG PANALANGIN

Sa ngalan ng Ama, at ng Anak, at ng Espiritu Santo. Amen

Panginoong Hesukristo, Kasama Mo ang Iyong bayan sa lahat ng panahon.

Kasama Ka namin sa mga sandali ng kagalakan at kalungkutan, pinalalakas Mo kami sa pamamagitan ng Iyong presensya sa Eukaristiya, at tinatawag Mo kaming magpatotoo sa Iyo sa harap ng mundo.

Habang naghahanda kami para sa Walk with Christ, punuin Mo kami ng lakas ng loob, pananampalataya, at kagalakan.

Nawa´y ipahayag ng aming buhay ang Iyong kabutihan, pahayag ng aming mga salita ang Iyong pag-ibig, at ipakita ng aming mga gawa ang Iyong awa.

Ipalapit Mo kami nang lalo sa Iyo at gawin Mo kaming mga tapat na saksi ng Iyong Ebanghelyo.

Amen.

# SIPI NG KASULATAN

## Lucas 24:28–35

Nang malapit na sila sa nayon na kanilang pupuntahan, nauna siyang naglakad na parang nagpapatuloy. Nguni't siya'y kanilang pinilit na maigi, na sinasabing, "Manatili kayo kasama namin, sapagkat malapit na ang gabi at halos tapos na ang araw". Kaya pumasok siya upang tumuloy kasama nila. Habang nakaupo siya sa hapag kasama nila, kumuha siya ng tinapay, pinagpala at hinati ito, at ibinigay sa kanila. Nang magkagayo'y nadilat ang kanilang mga mata, at nakilala nila siya, at siya'y nawala sa kanilang paningin. Sabi nila sa isa't isa, "Hindi ba't nag-aalab ang ating mga puso habang siya ay nakikipag-usap sa atin sa daan, habang ipinapaliwanag niya sa atin ang mga kasulatan?"

Sa oras ding iyon, sila ay tumayo at bumalik sa Jerusalem, at natagpuan nilang nagkakatipon ang labing-isa at ang kanilang mga kasama. Sinasabi nila, "Totoong nabuhay ang Panginoon, at nagpakita siya kay Simon!" Pagkatapos, isinalaysay nila ang mga nangyari sa daan, at kung paano Siya nakilala nila sa paghahati-hati ng tinapay.".

**Maglaan ng ilang sandali ng katahimikan upang pagnilayan ang sipi.**

# SEKSYON NG PAGTUTURO

## Isinugo ni Kristo

Sa kabuuan ng mga Ebanghelyo, ang mga nakatagpo kay Hesus ay hindi kailanman nanatiling hindi nagbabago. Iniwan ng mga unang alagad ang kanilang mga lambat at sumunod sa Kanya, na nagpasimula ng bagong buhay ng pagiging alagad. Ang babaeng Samaritan, matapos makatagpo si Kristo sa balon, ay bumalik sa kanyang vayan at ibinahagi sa iba ang mabuting balita tungkol sa kanyang pakikipagtagpo sa Kanya. Sa daan patungong Emmaus, nakilala ng mga alagad ang nabuhay na Panginoon sa paghahati-hati ng tinapay at agad silang bumalik sa Jerusalem upang ipahayag ang kanilang nakita at narinig.

Paulit-ulit, ipinapakita sa atin ng Kasulatan na ang tunay na pakikipagtagpo kay Kristo ay likas na humahantong sa pagpapatotoo at misyon.

Gayundin ang totoo sa atin ngayon. Ang Eukaristiya ay hindi lamang regalong dapat tanggapin, kundi isa ring regalong dapat ibahagi. Sa bawat Misa, matapos pangalagaan ng Katawan at Dugo ni Kristo, tayo ay isinusugo upang isabuhay at ipahayag ang Mabuting Balita. Pinakakain Niya tayo upang ang ating buhay ay maging handog para sa iba; pinalalakas ng Kanyang presensya, tayo ay inaatasan na dalhin si Kristo sa ating mga tahanan, lugar ng trabaho, paaralan, parokya, at mga pamayanan, at maging mga saksi ng Kanyang pag-ibig sa mundo.

Ito ang mas malalim na kahulugan ng Walk with Christ.

Ang prusisyon ng Eukaristiya ay higit pa sa isang pampublikong pagtitipon o relihiyosong pagdiriwang. Ito ay isang pagpapahayag ng ating pananampalataya kay Hesu-Kristo na tunay na naroroon sa Banal na Sakramento. Habang ang mga Katoliko ay sama-samang lumalakad sa panalangin, awit, at pagpapatotoo, hayagan nilang pinagtitibay ang kanilang pinaniniwalaan: na si Kristo ay nananatili sa Kanyang bayan at patuloy na umaakit sa lahat ng tao sa Kanyang sarili.

Sa buong kasaysayan ng Simbahan, ang mga prusisyon sa Eukaristiya ay nagsilbing mga pagkakataon para sa panalangin, pagpapasalamat, ebanghelisasyon, at pampublikong pagpapatotoo. Ipinaaalala nila sa amin na ang aming pananampalataya ay hindi nakakulong sa mga gusali ng simbahan, kundi dapat isabuhay at ipahayag sa bawat aspeto ng buhay.

Kapag tayo ay nagsagawa ng Walk with Christ sa ating lungsod, nagpapatotoo tayo sa pag-asang inaasam ng mundo. Kinikilala natin na si Kristo ay Panginoon, hindi lamang ng ating mga puso, kundi ng bawat buhay ng tao, bawat pamilya, bawat pamayanan, at bawat bansa.

Napakahalaga ng patotoong ito sa ngayon. Maraming tao ang naghahanap ng kahulugan, pakiramdam na kabilang sa isang grupo, kapatawaran, at pag-asa. Ang iba ay maaaring napalayo sa pananampalataya o hindi kailanman personal na nakatagpo kay Kristo. Ang isang simpleng patotoo sa publiko ay maaaring maging isang paanyaya sa isang tao na gumawa ng unang hakbang patungo sa Diyos.

Ang International Eucharistic Congress 2028 ay magbibigay ng natatanging pagkakataon para sa Simbahan sa Australia na tanggapin

ang mga pilgrim mula sa iba't ibang panig ng mundo at ipahayag ang kagandahan ng Eukaristiya.

Ang ating paghahanda para sa sandaling iyon ay nagsisimula ngayon sa pamamagitan ng panalangin, pagbabalikloob, pagiging alagad, at misyon.

Ang Walk with Christ ay isang mahalagang hakbang sa paglalakbay na iyon.

Sa ating paghahandang makibahagi, tayo ay inaanyayahan hindi lamang na dumalo sa prusisyon, kundi maging mga saksi ng Eukaristiya sa ating pang-araw-araw na pamumuhay. Ang pinakamabisang patotoong maiaalay natin ay hindi isang bandila, awit, o ang ruta ng prusisyon; ito ay isang buhay na nabago ni Kristo.

Bilang mga tagasunod ni Kristo, ang ating mga buhay ay dapat maging saksi sa pagbabagong dulot ng pakikipagtagpo sa Kanya sa Eukaristiya. Dapat makita ng iba sa atin ang pananampalatayang nagtitiwala sa Diyos sa kabila ng kawalang katiyakan, ang pag-asang nananatiling matatag sa gitna ng mga pagsubok, at ang pag-ibig na naipapamalas sa mapagbigay na paglilingkod sa kapwa. Dapat silang makaranas ng kagalakang nagmumula sa pagkakilala kay Kristo at ng kahandaang ibahagi ang Mabuting Balita sa mga nasa paligid natin. Sa ganitong paraan, ang aming mga salita at kilos ay nagiging buhay na patotoo sa presensya ni Kristo na kumikilos sa loob natin.

Ang Eukaristiya ay laging nagtutulak sa atin palabas. Tinitipon tayo ni Kristo upang tayo ay Kanyang gawing sugo. Pinapakain Niya tayo upang tayo naman ay maging pagkain para sa iba. Lumalakad Siya kasama natin upang matulungan natin ang iba na matuklasan ang Kanyang presensya.

Habang naghahanda tayo para sa Walk with Christ at ipinagpapatuloy ang ating paglalakbay patungo sa International Eucharistic Congress 2028, inaanyayahan tayong pag-ibayuhin ang ating paninindigan na mamuhay bilang mga disipulong misyonero, na nagpapatotoo nang may kagalakan kay Kristo saanman Niya tayo ipadala.

## MGA TANONG PARA SA PERSONAL NA PAGNINILAY

**Maglaan ng oras upang tahimik na pagnilayan ang mga sumusunod:**

1. Paano lumalim ang aking pag-unawa sa Eukaristiya sa pamamagitan ng paglalakbay na ito?

..........................................................................

..........................................................................

..........................................................................

..........................................................................

..........................................................................

..........................................................................

..........................................................................

2. Sa anong mga paraan ako inaanyayahan ni Kristo tungo sa mas malalim na pagiging alagad?

3. Anong mga pagkakataon ang mayroon ako upang magpatotoo sa aking pananampalataya sa pang-araw-araw na buhay?

4. Sino kaya ang nais ng Diyos na aking anyayahan, palakasin ang loob, o samahan sa pananampalataya?

.........................................................................

.........................................................................

.........................................................................

.........................................................................

.........................................................................

.........................................................................

.........................................................................

## MGA TANONG PARA SA PANGGRUPONG TALAKAYAN

**Ibahagi sa iba sa iyong grupo:**

1. Sa pagbabalik-tanaw sa mga nakaraang module, ano ang pinakamalalim na nakapag-iwan ng marka sa iyo?

.........................................................................

.........................................................................

.........................................................................

.........................................................................

.........................................................................

.........................................................................

.........................................................................

2. Ano ang ibig sabihin ng pagiging saksi sa Eukaristiya sa kasalukuyan?

3. Bakit mahalaga ang hayagang pagpapahayag ng pananampalataya?

4. Paano maipagpapatuloy ng ating parokya ang paglalakbay na ito ng pagpapanibagong Eukaristiya na lampas sa Walk with Christ?

.......................................................................

.......................................................................

.......................................................................

.......................................................................

.......................................................................

.......................................................................

.......................................................................

## PRAKTIKAL NA PAGKILOS PARA SA MODYUL NA ITO

**Pumili ng isa o higit pa sa mga sumusunod:**

- Anyayahan ang isang kapamilya, kaibigan, kapitbahay, o Katolikong hindi na aktibo sa simbahan na sumama sa iyo sa Walk with Christ.
- Ibahagi sa isang tao kung paano napalakas ang iyong pananampalataya sa pamamagitan ng paglalakbay na ito.
- Ipanalangin araw-araw ang mga makakasaksi sa pagpapatotoo ng Simbahan sa panahon ng Walk with Christ.
- Makilahok sa Holy Hour o panahon ng Pagsamba sa Banal na Sakramento sa parokya.
- Mangako sa isang konkretong paraan ng pagpapatuloy ng iyong Eukaristiya pagkatapos ng prusisyon.

# PANGWAKAS NA PANALANGIN

Panginoong Hesus, Nagpapasalamat kami sa Iyong pagsama sa amin sa paglalakbay na ito.

Pinangalagaan Mo kami sa pamamagitan ng Iyong Katawan at Dugo, pinalakas Mo kami sa pamamagitan ng Iyong Salita, at pinanibago Mo kami sa pananampalataya, pag-asa, at pag-ibig.

Habang naghahanda kami para sa Walk with Christ, tulungan Mo kaming magpatotoo nang buong tapang at kagalakan sa Iyong presensya.


Nawa´y maging salamin ng Iyong awa ang aming buhay, ipahayag ng aming mga salita ang Iyong katotohanan, at ipakita ng aming mga gawa ang Iyong pag-ibig.

Suguin Mo kami bilang mga disipulong misyonero, handang maglingkod sa Iyong Simbahan at ipahayag ang Iyong Ebanghelyo.

Nawa´y ang ating paghahanda para sa Walk with Christ ay magdala sa atin nang mas malalim sa misteryo ng Eukaristiya at maghanda sa ating mga puso upang tanggapin ang Simbahang pandaigdig sa International Eucharistic Congress 2028.

Maria, Babae ng Eukaristiya, ipanalangin mo kami

Amen.




# HULING LINGGO NG PAGHAHANDA

Sa pagtatapos natin sa paglalakbay na ito ng pagpapanibago sa Eukaristiya, pumapasok na tayo ngayon sa huling linggo ng paghahanda para sa Walk with Christ. Sa nakalipas na mga linggo o buwan, pinagnilayan natin ang presensya ni Kristo sa Eukaristiya, mas malalim na nakiisa sa misteryo ng Misa, lumago sa pakikipagkaisa sa Simbahan, pinagtibay ang ating buhaypanalangin, at pinanibago ang ating pangako sa misyon at pagpapatotoo.

Ang huling linggong ito ay pagkakataon upang isagawa ang lahat ng ating natanggap sa pamamagitan ng panalangin, pakikipagkasundo, Pagsamba sa Banal na Sakramento, at espirituwal na paghahanda.

Habang naghahanda tayong lumahok sa Walk with Christ sa ika-22 ng Nobyembre 2026, hinihikayat namin kayong balikan ang ´Listahan ng Mga Dapat Ihanda´ na ibinigay na mas maaga sa gabay na ito. Ang mga praktikal, espirituwal, at misyonerong hakbang na nakasaad doon ay makatutulong upang matiyak na ang mga indibidwal, pamilya, ministeryo, paaralan, at parokya ay handang makibahagi nang lubos sa masayang pampublikong pagpapahayag na ito ng pananampalataya.

Nawa´y maging panahon ng biyaya ang huling linggong ito, na naglalapit sa atin kay Kristo sa Eukaristiya at naghahanda sa ating mga puso upang lumakad kasama Niya nang may pananampalataya, pag-asa, at pag-ibig.



## MGA PAGKILALA

Ang Parish Companion na ito ay inihanda ng Sydney Centre for Evangelisation, gamit ang mga materyales na binuo para sa International Eucharistic Congress 2028 at inangkop para gamitin sa loob ng Catholic Archdiocese of Sydney.

Buong pasasalamat na kinikilala ng Archdiocese ang kontribusyon ng lahat ng mga taong ang karunungan, pananaw, at karanasang pastoral ay nakatulong sa paghubog ng mga materyales na ito bilang suporta sa pagpapanibago ng parokya at pagbuo ng Eukaristiya. Partikular naming pinasasalamatan sina Propesor Tracey Rowland, Dr. Renee Köhler-Ryan, Dr. Mariusz Biliniewicz, Rev. Propesor Gerard Kelly, at Archbishop Timothy Costelloe SDB sa kanilang bukas-palad na ambag sa gawaing ito.

Tuklasin ang mga karagdagang video, patotoo, artikulo, panalangin, at mga mapagkukunan ng parokya sa website ng Eucharist28: eucharist28.org

© Catholic Archdiocese of Sydney
38 Renwick Street
Leichhardt NSW 2040 Australia

THE 54TH INTERNATIONAL
EUCHARISTIC
CONGRESS 2028
SYDNEY, AUSTRALIA